# Inilabas ng Pamahalaan ng Canada ang *2023 Fall Economic Statement (Pahayag sa Fall 2023 Ukol sa Ekonomiya)*

### *Inihahatid ang plano ng pamahalaan para magtatag ng isang malakas na ekonomiya na mainam para sa lahat*

Nobyembre 21, 2023 Ottawa, Ontario Department of Finance Canada (Kagawaran ng Pananalapi Canada)

Sa araw na ito ay inihatid ni Honourable Chrystia Freeland, ang Deputy Prime Minister at Minister of Finance, ang *2023 Fall Economic Statement (Pahayag sa Fall 2023 Ukol sa Ekonomiya),* na siyang patuloy na umaaksyon para suportahan ang middle class at para mas mabilis na magtayo ng mas maraming mga tahanan.

Ang plano ng pamahalaan para sa ekonomiya ay ang magtatag ng malakas na ekonomiya na mainam para sa lahat, nang may mahuhusay na trabaho na maaasahan ng Canadians. At ang planong ito ay gumagana.

Mahigit sa isang milyon pang Canadians ang empleyado ngayon kumpara sa panahon bago ng pandemya. Ang inflation ay bumababa, ang mga suweldo ay mas mabilis na tumataas kaysa sa inflation, at inaasahan na ngayon ng mga ekonomista sa pribadong sektor na maiiwasan ng Canada ang recession na sinabi ng marami na mangyayari.

Sa harap ng mabilis na tumataas na interest rates sa buong mundo, maraming Canadians ang nahihirapan, lalo na pagdating sa kapag bibili o uupa ng isang tahanan. Ang *2023 Fall Economic Statement* ay tumutugon dito sa pamamagitan ng pag-focus sa dalawang pangunahing paghahamon ngayon.

Unang-una ay patuloy na sinusuportahan ng pamahalaan ang Canadians sa panahon kung kailan ang ilang mga presyo ay sobra pa ring mataas at ang mortgage renewals ay parating na. Ang pamahalaan ay gumagawa ng konkretong aksyon para suportahan ang Canadians sa pamamagitan ng bagong targeted measures para makatulong na gawing matatag ang mga presyo, gawing mas abot-kaya ang pamumuhay, at protektahan ang Canadians na may mga mortgage. Kabilang dito ang pagsigurado na ang Canadians ay may access sa mortgage relief na naaayon sa kanilang sitwasyon ngayon na mas mataas na ang interest rates. Para gawin ito, inanunsyo ng *2023 Fall Economic Statement* ang bagong Canadian Mortgage Charter, na nagbibigay-detalye tungkol sa relief (tulong) na maaaring maasahan ng Canadians mula sa kanilang mga bangko kung sila'y may pinansyal na kahirapan.

Pangalawa ay pinabibilis ng pamahalaan ang trabaho nito para mas mabilis na magtayo ng mas maraming mga tahanan, at para gawing mas abot-kaya ang housing (pabahay). Sa tulong ng

mahalagang aksyon na nagawa na ng pamahalaan, maglalaan ang *2023 Fall Economic Statement* ng bilyun-bilyong dolyares na bagong financing para mas mabilis na magtayo ng mas maraming mga tahanan, para mag-crackdown sa short-term rentals (mga pagpapaupa para sa maikling panahon) para ang mga ganitong tahanan ay magagamit ng Canadians bilang tirahan, at tutulong itong dagdagan ang bilang ng construction workers sa buong bansa. Ang ginagawa sa kasalukuyan ay pagpapatuloy ng trabaho ng pederal na pamahalaan na pamunuan ang pagsisikap sa buong bansa na gawing mas abot-kaya ang housing sa buong Canada.

Ang plano ng pamahalaan para sa ekonomiya ay responsable, at nakikita nitong minimintina ng Canada ang pinakamababang deficit- at net debt-to-GDP ratios sa G7. Kumikilos din ang pamahalaan sa *2023 Fall Economic Statement* para masigurado na nananatiling sustainable ang finances ng Canada, at na patuloy tayong responsableng makakapag-invest sa Canadians, patuloy nating mapapalakas ang middle class, at makapagtatayo tayo ng mas malakas na ekonomiya na mainam para sa lahat.

Bilang pundasyon ng trabaho ng pamahalaan na mag-invest sa kinabukasan ng ekonomiya ng Canada at lumikha ng mas maraming mga trabahong may mahusay na suweldo, ihahatid din ng pamahalaan ang kanyang bagong major investment tax credits batay sa priyoridad; ang lehislatibong pagsasagawa nito ay mangyayari sa mga darating na araw at ito'y magtatapos sa 2024.

## Quote (Sipi)

"Ang aming plano sa ekonomiya ay hinggil sa pagtatag ng mas malakas na ekonomiya na mainam para sa lahat, at ang Fall Economic Statement na ito ay ang susunod na hakbang sa aming plano. Ang plano ay magbibigay-diin sa pagsuporta sa middle class at sa mas mabilis na pagtayo ng mga tahanan; kumikilos kami sa mga priyoridad na pinakamahalaga sa Canadians ngayon, at patuloy naming gagawin ang lahat ng aming magagawa para matulungan ang Canadians sa lahat ng bahagi ng ating bansa."

- *Mula kay Honourable Chrystia Freeland, ang Deputy Prime Minister at Minister of Finance*

## Maikling Buod

Ang plano ng Canada para sa ekonomiya ay gumagana:

- Sa nakaraang 21 buwan, ang unemployment rate ng Canada ay mas mababa pa kaysa sa ano pa mang panahon sa ilalim ng dating pamahalaan. Mahigit sa isang milyon pang Canadians ang empleyado ngayon kumpara sa panahon bago ng pandemya.
- Sa nakaraang siyam na buwan, ang mga suweldo ay mas mabilis na tumaas kaysa sa inflation.
- Itinataya ng International Monetary Fund na ang Canada ay ang siyang magkakaroon ng pinakamalakas na paglago ng ekonomiya sa G7 sa darating na taon.
- Ayon sa OECD, sa unang kalahati ng taóng ito, ang Canada ay tumanggap ng pangatlong pinakamataas na foreign direct investment ng anumang bansa sa mundo, at highest per capita sa G7.

## Mga kaugnay na links

- *2023 Fall Economic Statement*
- *2023 Fall Economic Statement:* Mga Pangunahing Hakbang
- Backgrounder: Canada's Housing Action Plan (Plano ng Aksyon ng Canada para sa Pamamahay)
- Backgrounder: Supporting a Strong Middle (Pagsuporta sa isang Malakas na Middle Class)
- Backgrounder: Investing in Workers and Canada's Growing Economy (Pag-invest sa mga Manggagawa, at ang Lumalagong Ekonomiya ng Canada)

## Mga Makokontak

**Maaaring kontakin ng media:**

Katherine Cuplinskas
Press Secretary at Senior Communications Advisor
Tanggapan ng Deputy Prime Minister at ng Minister of Finance
Katherine.Cuplinskas@fin.gc.ca

Media Relations
Department of Finance Canada
mediare@fin.gc.ca
613-369-4000

**Para sa mga pangkalahatang tanong**

Telepono: 1-833-712-2292
TTY: 613-369-3230
E-mail: financepublic-financepublique@fin.gc.ca